**CODE-NGO Social Development Celebration 2010**
**"Kasali Ako sa Pagbabago!" Poetry Contest**

## FIRST PRIZE WINNER

# *Panata ng Pamamalakaya*

ni: Joselyn Nato Marty, 22 years old, Quezon City

(Title of reference photo: *"Pangingisda sa Harap ng Pagbabago ng Klima")*

Nanlilisik
ang mga mata ng araw
na tumitirik
at ang init
na dulot ng panibagong yugto
ay siya ring tutuyo
sa inaning biyaya mula sa dagat,
dagat na kasing bughaw ng malawak na alapaap.

Ritmo ng paghahalo't paghango
na tila ikinukumpas ng musikero de maestro
sunod-sunod, hakbang-hakbang,
isa-isang ilalatag ang mga huli
sa malaking bilao

Araw-araw, linggu-linggo
ganito nang ganito
Hindi ko na kailangan pang ikabisado
ang isang bagay
na matagal nang nakasananyan
ng aking isip at puso

Ganyan ang buhay naming namamalakaya
lalamanin ng sikmura'y nakaatas
        sa isang bangka
Susunungin ng malupit na araw ang balat
habang buong katawa'y
        nagmamantika
        sa hirap,
        sa pagtitiis
        at pagkabanas
lalo na sa tuwing iaahon
ang walang lamang lambat

Walang lamang lambat?
Dati-rati'y isang mapagpalang ina
ang dagat!

Maghunos-dili tayo,
di niyo ba nakikitia,
naaamoy, naririnig,
nalalasahan, nadarama?
Panaghoy ng hanging
nag-uulap-usok na nagsusumamo;
panangis ng lupang
dinilig ng luha, pawis at dugo;
Pangingitngit ng tubig
na nawalan ngbanayad na lagaslas
o ang paghihimagsik
ng kabundukan
kung saan
laksang uno ang tinagpas?

Araw-araw, linggu-linggo
ganito nang ganito
Hindi na natin kailangan
    pang ikabisado
mga kaganapan sa daigdig na
nagbabago
at naglalaho

Sa kabila ng tinamong mga sugat
at ilang pang di mabilang na bakas
    sa balat
at sa aking kalooban,
Babangon ako, ikaw, tayo
sampu ng ating mga kasama
Upang isanib ang sarili
sa hanay ng sambayanang nagpupunyagi!

Hahawiin natin sa daan
Paggamit ng dinamita at lason
    Mga bakawang paraiso'y
    Pararamihin,
    Palalakihin,
    Palalawakin
Upang maging sangktwaryo ng mga isda
    sa paglaon

Hakbo nating mga mangingisda
Ang mga bantay de la dwardiya
Na pipigil sa anumang banta
Ng paglalapastangan, pagpapabaya
    At pagsira
Hanggang maging gínintuan ang
    Karagatan
Makininang, dalisay, sagana

Uulan ng yaman sa mga pantalan
At ang huli nati'y banye-banyera

Ngayon, nanlilisik na naman
    Ang mga mata
Ng araaw na tumitirik
At ang init ng panibagong yugto
Ang magpapalago
Sa pagkakabuklud-buklod,
Bigkis na yayakap
Sa paghimbing ng liwanag
Sa kaunlaran,
At sasalubong
Sa pagmulat ng isisilang
    Na kapanatagan sa bayan.